



Pangkalahatang PANUNTUNAN SA PAGSUNOG NG KAHOY sa Bay Area

BAKIT MAPAMINSALA ANG USOK MULA SA KAHOY?

Ang usok na nagmumula sa pagsunog ng kahoy at mga wildfire ay naglalaman ng mga nakakalason na microscopic particles na tinatawag na PM_{2.5}, na sa sobrang liit ay magkakasya ang ilang libo nito sa loob ng isang tuldok.

Ang mga particle na ito ay madaling tumagos sa бага at pumasok sa agos ng dugo at maging sanhi ng agarang epekto sa kalusugan pati na rin ang pangmatagalang problema sa paghinga at sa puso.

Ang mga wildfire at pagsunog ng kahoy ang pinakamalaking pinagmumulan ng polusyong dulot ng pinong particulate sa Bay Area.

Kapag ang PM_{2.5} ay inaasahan na umabot sa hindi kalusugang antas sa buong taon, ang Air District ay naglalabas ng isang **Spare the Air Alert (Alerto para i-ban ang pag-susunog)** upang ipaalam sa publiko na ang kalidad ng hangin ay inaasahang mapaminsala sa kalusugan at ang pagsusunog ng kahoy ay ipinagbabawal. Ang alerto ay maaaring ipahayag magmula sa tatlong araw bago ang inaasahang kaganapan ng mapaminsala sa kalusugan na hangin upang maprotektahan ang publiko at mapanatili na hindi tumaas ang antas ng polusyon.

MGA GAS
Duming likha ng usok
MGA PINONG PARTICLE
mga dioxin
carbon monoxide
Mga Volatile na Organic
na Compound

1 sa 7
PITONG RESIDENTE NG
BAY AREA ANG MAY
SAKIT SA BAGA



Datapat alam na natin ang panganib na dala ng second hand smoke mula sa sigarilyo, lingid pa rin sa maraming tao na ang pagsusunog ng kahoy at mga wildfire ay naglalaman din ng kaparehong grupo ng mga compound na masama sa kalusugan. Dahil sa pabago-bagong klima, mas dumadalas at tumitindi ang mga wildfire, na nagdudulot ng usok at naapektuhan ang buong Bay Area.


Ang 1.4 na milyong fireplace at kalan ng kahoy sa buong rehiyon ng siyam na county ang pinakamalaking pinagmumulan ng polusyong dulot ng particulate sa panahon ng taglamig—ang maliliit na particle na nagdudulot ng iba't ibang alalahanin sa kalusugan, mula sa hika hanggang sa atake sa puso, at sa mas malalang sitwasyon, kamatayan. Ang usok mula sa kahoy ay mas mapaminsala sa mga bata, nakatatanda at sa mga taong may masamang kundisyon sa бага.

PANUNTUNAN PARA SA PAGSUNOG NG KAHOY

Binago ng Air District ang Panuntunan ng Pagsusunog ng Kahoy noong 2019, upang higit pang maprotektahan ang mga residente mula sa mga nakapipinsalang epekto sa kalusugan ng usok ng kahoy. Ang panuntunang ito ay pinagbabawal ang ilegal na pagsunog ng kahoy, paggawa ng mga binebentang firelog, mga pellet o anumang solidong gasolina sa loob at sa labas kapag ipinahayag ang isang **Spare the Air Alert—Burn Ban**, buong taon. Ang mga susog sa panuntunan na ito ay pinahihintulutan ang Air District hindi lamang sa mga buwan ng taglamig kung hindi sa ano mang oras ng taon para i-ban ang pagsusunog ng kahoy kung kailan ang polusyon mula sa particulate ay nasabing hindi ayon sa kalusugan.

Sa tuwing alas dos ng hapon, maglalabas ang Air District ng pahayag tungkol sa kalidad ng hangin para sa susunod na araw. Kung idineklara ang **Spare the Air Alert—Ban sa Pagsunog**, ipagbabawal ang pagsunog ng kahoy sa susunod na araw mula hatinggabi hanggang sa susunod na hatinggabi.

Papatawan ng parusa ang mga residenteng hindi susunod sa Panuntunan sa Pagsunog ng Kahoy. Sa unang paglabag sa panuntunan, ang residente ay may opsyon na piliin na dumalo sa isang wood smoke awareness course sa halip na magbayad ng isang daang dolyar (\$100) na tiket. Papatawan ng limang daang dolyar (\$500) ang pangalawang paglabag, at madaragdagan ito sa bawat karagdagang ticket na matamo.



Sa mas malamig na buwan, naglalabas ng **Spare the Air Alert—Ban sa Pagsunog** kapag may nata-trap na usok malapit sa ground dahil sa inversion ng temperatura.



**HANGIN MO ITO.
PROTEKTAHAN MO.**

MGA KARAGDAGANG KINAKAILANGAN

Ang panuntunang ito ay may karagdagang kinakailangang gawin din, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:

- Pagbabawal sa makapal na usok, na madalas ay sanhi ng pagsunog ng basang kahoy na hindi na-season
- Pagbabawal sa pagsunog ng basura o iba pang hindi naaangkop na materyal gaya ng junk mail, paleta, o na-treat na kahoy
- Pagbabawal sa pag install ng mga aparato para sa pagsunog ng kahoy sa mga bagong konstruksyon
- Pag-aatas sa mga Kasera na magbigay sa mga nangungupahan ng kanilang tahanan ng uri ng pampainit hindi gamit ang aparato na pangsunog ng kahoy sa mga lugar na may serbisyo gamit lamang ang natural gas.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Panuntunan sa Pagsunog ng Kahoy: sparetheair.org/woodburnrule



**HANGIN MO ITO.
PROTEKTAHAN MO.**



**ILEGAL ANG
PAGSUNOG NG
KAHOY KAPAG MAY
SPARE THE AIR
ALERT—BAN SA
PAGSUNOG.**



Illegal gamitin kapag may Spare the Air Alert—Ban sa Pagsunog.

Pag-isipang gumamit na lang ng electric na fireplace o heat pump. Dahil sa madaling pag access sa mga mapagkukunan ng renewable energy sa Bay Area, ang mga electric na heating device na ang nagiging pinakamalinis na opsyon para maprotektahan ang kalidad ng hangin at klima.



Alamin kung ang Spare the Air—Ban sa Pagsunog ay Ipinahayag o Magsampa ng Reklamo sa Pagsunog ng Kahoy
1-877-4NO-BURN
(1-877-466-2876)
baaqmd.gov/complaints

Mag-sign up para sa mga alerto sa text, email, o telepono sa sparetheair.org/alerts

Makipag-ugnayan sa amin sa @SpareTheAir



Makakakita ng higit pang impormasyon sa sparetheair.org o baaqmd.gov

TUNGKOL SA AIR DISTRICT

Ang Bay Area Air Quality Management District ang pang rehiyong ahensiyang responsable sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area, kabilang ang mga county ng Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma.



www.baaqmd.gov